Institute of Political Economy

Enero 2004

Praymer sa Pambansang Kalagayan

Paalam Gloria!

Eleksyon na naman. Umuulan na naman ng mga pangako ng pagbabago, hustisya at kaunlaran sa buhay ng mamamayan na muling maghahalal ng mga bagong pinuno sa Mayo 2004.

Kapit-tuko ang gubyernong Gloria Macapagal-Arroyo na manatili sa poder. Pilit nitong pinagtatakpan ang mga iskandalong kinasangkutan noong 2003 habang todo-ligaw ito sa mga katunggaling paksyon sa hanay ng mga naghaharing uri upang makumpuni ang patuloy na paglubog ng bangkang papel na administrasyong Arroyo.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: editors@ibon.org

Karanasan at katapatan daw ang bagong islogan ng gubyernong Arroyo para makuha ang panibagong mandato sa Mayo subalit kabaliktaran nito ang dinanas ng mamamayan sa loob ng tatlong taon. Dapat ngang husgahan ang gubyernong ito sa karanasang maging pangunahing tuta at instrumento ng imperyalismong US sa mga globalistang patakaran nito upang ipasa sa mga bansang mahihirap tulad ng Pilipinas ang pandaigdigang krisis. Tutuo ngang naranasan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng makaranasang pamumuno ng gubyernong Arroyo ang walang kasintinding kahirapan at kaapihan sa lalo pa nitong pagpapasahol sa mga batayang depekto ng lipunang Pilipino.

Dapat na ngang litisin ng mamamayang Pilipino ang gubyernong Arroyo sa matapat nitong paglilingkod sa dayuhan tulad ng pag-ani ng papuri at suporta mula sa utak-pulbura at teroristang gubyerno ni Bush ng United States habang isinusumpa naman ng milyong mamamayan dahil sa walang kahihiyan nitong pagsuporta sa mga imperyalista at militaristang patakaran ng US kapalit ang ayuda at suportang pulitikal sa kanyang gumuguhong administrasyon. Buong tapat nitong itinaguyod ang interes ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya-kumprador habang walang pag-aatubiling tinalikuran ang mamamayan at ang mga simulain sa Edsa 2 na nagluklok sa kanya sa kapangyarihan.

1 Ano ang karanasan sa kabuhayan ng mamamayang Pilipino?

Habang nagdideklara ng kanyang kandidatura si Pangulong Arroyo nitong Enero 2004, inaanunsyo naman ang panibagong pagtaas sa presyo ng mga produktong petrolyo. Kasabay nito, inaprobahan ng gubyerno ang pagtaas sa singil ng mga pribadong kumpanyang nangangasiwa sa tubig at kuryente. Ito ang simula ng 2004 para sa mamamayang Pilipino na hindi na nga halos makagulapay sa napakatinding kahirapang dinanas noong nakaraang taon.

Walang pagkakataon para mabuhay nang maayos sa Pilipinas ngayon. Dinanas ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng gubyernong Arroyo ang pinakamatinding kawalang-hanapbuhay sa kasaysayan ng bansa.

Nitong nakaraang taon, tuloy-tuloy pang tumindi ang kawalang–trabaho dahil sa kawalang kakayahan ng ekonomya na magkaloob ng mga bagong trabaho. Bagkus, araw-araw mahigit 200 manggagawa ang nawawalan ng trabaho at libong magsasaka ang natataboy sa kanilang mga sakahan.

Patuloy na lumalaki ang hukbo ng mga walang trabaho. (tingnan ang **chart 1**) Patunay dito ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga walang empleyo kahit na ayon mismo sa kaduda-duda pa ngang datos ng gubyerno. Ayon sa National Statistics Office (NSO), umaabot na sa 3.6 milyong Pilipino o 10.1% ng kabuuang lakas-paggawa ng bansa ang walang trabaho noong Oktubre 2003. May pagliit pa nga ito dahil noong Hulyo 2003, umabot sa 12.7% ng lakas-paggawa (o 4.3 milyong manggagawa) ang walang trabaho. Itinuturing ang kawalang-trabaho sa Pilipinas na pinakamatindi kung ikukumpara sa mga bansa sa Asya.



Lumala nang husto ang kawalang-trabaho sa ilalim ng pamamahala ng ekonomistang gubyerno ni Arroyo. Kahit na pa kinakategoryang may trabaho kahit na kontraktwal lamang o kaya'y hindi naman angkop sa kanyang kasanayan, litaw na litaw pa rin ang napakatinding kalagayan sa kawalang oportunidad sa bansa ngayon.

Hindi nakapagtatakang patuloy na lumalaki ang bilang ng mga nagnanais na magtrabaho sa ibang bansa. Katunayan, hinihikayat pa nga ito ng gubyerno hindi lamang para kumita ng dolyar na pantustos sa bangkaroteng ekonomya kundi para maibsan ang kawalang hanapbuhay

bukod sa wala talagang kakayahang lumikha ng trabaho ng ekonomya. Taun-taon, patuloy ang pagdami ng mga Pilipinong umaalis ng bansa kada araw upang magtrabaho sa ibang bansa. Pero hindi tulad ng dati na kapalit ng sakripisyong mahiwalay sa mga kaanak ay mas mataas na sweldo at benepisyo, karamihan sa mga trabahong pikit-matang tinatanggap ngayon ng mga migrante ay halos katumbas lamang ng kakarampot na sweldo sa bansa. Inilalarawan lamang nito na sa tindi ng kawalang trabaho at oportunidad sa bansa ay napipilitan pang mangibang-bansa ang karamihan sa mamamayan upang mabuhay.



Gayunma'y hindi rin madali ang pangingibang bayan. Bukod sa napakalaking halagang kailangan para sa placement fees at iba pang buwis ng gubyerno na kailangang bayaran, nababaon sa utang ang mga migrante at dumaranas pa ng kaapihan at pagsasamantala sa kawalang proteksyon at pangkalinga ng pamahalaan. Hindi rin naaampat ng pag-ieksport ng manggagawa ang kawalang trabaho sa Pilipinas dahil ang deployment ay apektado ng mga sariling problema ng mga bansang tinutunguhan ng mga migrante. Noong 2003 halimbawa, iniulat ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) ang pagbaba sa bilang ng mga nadeploy na manggagawa dahil sa gera sa Iraq at histerya ng sakit na SARS. Subalit tinataya rin nitong lalaki uli ang bilang ng deployment ngayong taon bunga ng pananakop ng US sa Iraq at pagkakadakip kay Saddam Hussein.

Ibayong bumulusok ang kabuhayan ng mamamayan noong 2003. Libong magsasaka ang nawalan ng trabaho dahil sa pagbaha ng mga imported na produktong agrikultural na pumatay sa anumang natitirang kita sa pagsasaka at pangingisda. Napakataas na nga ng kanilang upa sa lupa at nababaon na sa usura dahil sa mataas na gastos sa produksyon, hindi pa nila maibenta ang kanilang mga produkto dahil sa patakaran ng gubyernong Arroyo na papasukin ang murang produktong agrikultural ng mga dayuhan. Malaganap ang gutom at paghihikahos sa kanayunan na lalo pang sinasamantala ng mga panginoong maylupa at korporasyong transnasyunal upang baratin ang manggagawang bukid at agawin ang natitirang lupa ng maliliit na magsasaka.

Napako na rin nang husto ang gamumong sahod ng mga manggagawa. Sa loob ng tatlong taon ng gubyernong Arroyo, barya-baryang nag-umento ang mga regional wage boards sa minimum na pasahod mula P1 hanggang P34 at sa cost of living allowance (COLA) mula P1 hanggang P30 at ang pinakahuli nito ay noon pang Hunyo 2002. Sa NCR halimbawa, napako na sa P250 ang minimum na pasahod na mapanlinlang na "inumentuhan" ng COLA na P30 na installment pa nang ipatupad. Ang masahol pa, sa mga nakaraang pagtataya mismo ng gubyerno, wala pa halos 30% ng mga establisimiyento ang nagpapatupad ng batas sa minimum na pasahod.

Lalong lumaki ang agwat ng minimum na pasahod sa halagang kinakailangan para mabuhay ng maayos ang isang pamilya. Ayon mismo sa National Wages and Productivity Commission (NWPC), noong Oktubre 2003 ang halagang kailangan ng isang pamilya kada araw para makatawid-buhay ay tinatayang mula P368 hanggang P727 depende kung saang lugar sa Pilipinas naninirahan. Gayunman, ipinapakita mismo ng datos ng NWPC na mas malaki ang agwat ng aktwal na minimum na pasahod sa halaga ng pamumuhay sa mga pinakamahihirap na rehiyon ng bansa. Patunay sa kawalang-batayan ng iskema ng wage regionalization. (Tingnan ang **Chart 3**)

Sa pangkalahatan, malinaw na napakalayo ng aktwal na sinasahod ng mga manggagawa sa kinakailangang halaga para mabuhay. Sa sariling pagtataya ng IBON, ang karaniwang halagang kailangan sa bansa (national average daily cost of living) ay P454 at sa Kamaynilaan, kinakailangan na mayroong P555 ang isang karaniwang pamilya nitong Oktubre 2003. Mababa pa nga ito sa pagtataya ng gubyerno pero ni hindi ito halos makapag-umento.



2 Naging matapat bang naglingkod at kumalinga sa mamamayan ang gubyernong Arroyo?

Sa mga hinaing ng masang Pilipino, bokya ang gubyernong Arroyo. Wala ni isa man sa mga kahilingan ng manggagawa at magsasaka ang pinakinggan ng pamahalang nailuklok dahil sa pagkilos ng mamamayan.

Bingi ito sa panawagan ng mamamayan na makaalpas kahit pansamantala sa napakatinding paghihikahos na iniluwal ng globalisasyon sa ekonomya. Ni hindi man lamang ito nagpahayag ng simpatya sa panawagan ng mga magsasaka na itigil kahit pansamantala ang liberalisasyon sa agrikultura o kahit na irebyu man lang ang mga komitment nito sa World Trade Organization (WTO). Sa kabila ng pagbagsak ng kabuhayan ng maliliit na prodyuser at magsasaka tulad ng pagkabulok ng mga produktong agrikultural, hindi man lamang ito naglagay ng mga proteksyon sa lokal na produksyon at sa halip ay patuloy na inaalis ang mga taripa at pinapasok ang mga imported na produktong surplus ng mga imperyalistang bansa.

Sa halip na ihabol ang kabuhayan ng mga manggagawa, wala man lang itong ginawa sa kahilingang itaas ng P125 ang minimum na pasahod ng mga manggagawa at P3000 para sa mga maliliit na kawani ng gubyerno. Sa kabilang banda, ilang ulit nitong itinaas ang pasahod sa mga pulis at sundalo

lalo pa nang lumaganap ang bantang kudeta at matapos ang tangkang pag-aalsa ng mga sundalo sa Oakwood, Makati.

Ang kalakhan ng mga walang hanapbuhay sa hanay ng maralitang lunsod ay napilitan maghanap ng paraan upang mabuhay. Marami sa kanila ay umaasa na lamang sa sariling kayod tulad ng pagtitinda sa bangketa sa kawalan ng oportunidad. Tinatayang aabot sa 1 milyon ang street vendor sa Metro Manila at 3.5 milyon naman sa buong bansa. Subalit kahit ang ganitong pagsisikap ay walang puwang sa Strong Republic ng gubyernong Arroyo at ginagawa pang krimen ang pagtitinda sa bangketa dahil wala raw itong lisensya at nakakasira sa kaayusan ng mga syudad.

Kahit ang programang pabahay na labis na ipinagmamalaki ng gubyernong Arroyo ay hindi rin naman makaya ng mga maralitang diumano ay benepisyaryo nito. Hindi kayang bayaran ng isang maralitang walang tiyak na kita ang buwanang upa na P300 sa unang taon, P400 sa ikalawa, P500 sa ikatlo at patuloy na tataas ang buwanang upa hanggang sa mabayaran nito ang kabuuang halaga sa loob ng 15 taon. Kung tutuusin, ang magiging halaga na nito ay aabot sa halos kalahating milyong piso. Ayon pa sa Kadamay, ang ipinagmamalaking proyektong pabahay ng gubyernong Arroyo ay mga proyektong ipinagpapatuloy lamang mula sa administrasyong Erap. Ang tutuo'y walang naitayo ni isang pabahay para sa mahihirap ang gubyernong Arroyo sa loob ng tatlong taong panunungkulan nito.

Lalo pang lumaki ang bilang ng sinasabing maralitang lunsod sa ilalim ng kasalukuyang gubyerno na umaabot na sa 4 na milyon ayon sa konserbatibong pagtataya ng gubyerno. Mahigit sangkapat nito (1.25 milyong pamilya) ang napipilitang maghanap ng masisilungan sa mga mapanganib na lugar ng mga syudad tulad ng tabing-ilog, tabingdagat, sa ilalim ng mga tulay, sa tabing riles at sa mga lugar na madaling makasagap ng iba't ibang karamdaman. Sa Metro Manila lamang, konserbatibong pagtataya na aabot na sa 716,165 na pamilya ang kinakategoryang iskwater at walang katiyakan sa paninirahan lalo pa't laging nakaamba ang demolisyon sa ngalan ng mga programa at proyekto ng gubyernong Arroyo.

Sa mga lugar na ito ay kadalasang walang tubig at kuryente kaya napipilitan ang mga ito na makikabit o kaya'y bumili sa napakataas na halaga. Lalo na kung iisiping napakataas na rin ng singil sa kuryente at tubig sa mga

karaniwang sambahayan bunga ng pagsasapribado ng gubyernong Arroyo sa mga yutilitis sa halip na balikatin ito bilang serbisyong panlipunan. Lantarang pinapaboran ng gubyernong Arroyo ang mga pribadong kumpanya sa tubig at kuryente na malinaw na makikita sa walang atubili nitong pagpayag na itaas ang singil sa tubig nang magbanta ang Maynilad Inc. na bumaklas sa programa ng pribatisasyon ng gubyerno. Nalantad din ang pagpapanggap ng gubyernong Arroyo sa isyu ng Purchased Power Agreement (PPA) na kunwa'y inalis dahil sa mainit na protesta ng mamamayan ngunit sa bandang huli ay muling isingil sa mamamayan sa ibang pangalan.

Ang pagpapabaya ng gubyerno sa kagalingan ng mamamayan ay kitangkita sa alokasyon nito sa pambansang badyet. Prayoridad ng gubyerno ang pagbabayad sa utang panlabas kahit na ang kahulugan nito ay patuloy na pagpapaliit ng badyet para sa sa serbisyong panlipunan. (Tingnan ang **Table 1**)

Table 1: Paghahambing sa Alokasyon ng Pambansang Badyet

	Porsyento sa Pambansang Badyet		
	2002	2003	2004
Pambayad-utang (interes)	25.1	28.4	31.4
Serbisyong Panlipunan	31.1	29	28.7
Serbisyong Pang-ekonomya	20.4	20.2	18
Pangkalahatang Serbisyo Publiko	17.9	16.6	16.2
Depensa	5.2	5	4.9
Pautang	0.3	0.7	0.6

Patuloy na lumiliit ang inilalaang badyet sa mga serbisyong panlipunan. Kung hahatiin ang badyet na laan kada tao (per capita), mapapansing tuloy-tuloy itong nababawasan kahit na tumataas ang halaga ng mga ito dahil sa pagsasapribado ng mga serbisyo. (tingnan ang **chart 4**) Kung tutuusin, sa kabuuang badyet na P864.8 bilyon para sa 2004, P0.43 lamang kada araw ang nakalaang pondo para sa kalusugan ng bawat Pilipino at P9.40 lamang ang badyet para sa bawat estudyante sa pampublikong paaralan ng elementarya at hayskul.



Isa pang itinuturing na palatandaan ng pagsidhi ng krisis ay ang paglaki sa bilang ng mga kaso ng maliitang krimen (petty crimes) na karaniwang tulak ng matinding kahirapan at desperasyon. Ayon sa mga sosyolohista, ang pagdami ng mga krimen tulad ng pang-uumit, pagnanakaw at paglalako/paggamit ng droga ay sintomas ng isang lipunang nabubulok dahil sa kawalan ng oportunidad at malubhang panlipunang ligalig. Mula 2001 hanggang noong 2003, halos nadoble ang insidente ng krimeng nagaganap kada araw. (tingnan ang **chart 5**) Lalo pa't lantad sa mamamayan ang paglaganap ng mga sindikato at malalaking krimen na karaniwang kinasasangkutan ng mga upisyal ng gubyerno na inaasahang magpatupad ng kaayusang panlipunan.

Ang tindi ng krisis sa kabuhayan ay umabot na sa puntong pati ang itinuturing na panggitnang sektor ng lipunan halimbawa ay mga propesyonal at maliliit na negosyante ay nasa balag na rin ng alanganin dahil sa patuloy na paglala ng ekonomya. Tunay ngang patuloy ang pagbagsak ng kalidad ng pamumuhay ng nakakaraming mamamayan. Sa ulat nga ng United Nations, ibayo pang bumaba sa ika-85 pwesto mula sa dating ika-77 ang bansang Pilipinas pagdating sa kalidad ng pamumuhay. Kahit ang gubyerno'y nagsasabing umaabot na sa 32 milyong Pilipino ang maituturing na mahirap batay sa pamantayan nitong mas mababa pa sa pandaigdigang pamantayan na $1 (o P55) kada araw para sa isang tao. Ang tutuo'y aabot na sa 88% ng populasyon o mahigit 70 milyong mamamayan ang aktwal na nagdaralita.



3 Bakit may ipinagmamalaking paglago sa ekonomya ang gubyernong Arroyo?

Sa kabila ng nagdudumilat na paghihikahos ng taumbayan, ipinagyayabang pa ng gubyernong Arroyo ang diumano'y paglago ng ekonomya noong 2003. Ayon pa nga sa gubyerno, nagawa nitong palaguin ang ekonomya sa kabila ng malalaking suliraning dumapo sa gubyerno tulad ng histerya sa SARS, mga tangkang kudeta, at mga diumano'y paninira sa kanyang pamahalaan.

Kung pagbabatayan nga lamang ang mga macro-economic indicators ng gubyerno, tiyak na makapanlilinlang ang mga positibong datos na nagpapakita ng "paglago" ng ekonomya noong nakaraang taon. Subalit gaya ng mga mapanlinlang na datos na inilalabas ng mga ahensya ng pamahalaan, hindi nito sinasabi ang kabuuang larawan ng ekonomya.(Tingnan ang **chart 6**)

Sa ikatlong kwarto ng 2003, lumago ng 4.4% ang gross domestic product (GDP) kumpara sa 3.8% na inilago nito sa ikatlong kwarto ng 2002. Tumaas din ang tantos ng paglago ng gross national product (GNP) mula 3.1% noong Oktubre 2002 sa 5.9% nitong Oktubre 2003. Sinusukat ng GDP ang lahat ng produkto at serbisyong nalikha sa lokal na ekonomya habang

Chart 6
Philippine Economic Performance, 3rd Quarter
Growth Rate at Constant 1985 Prices



	GDP	GNP	Agriculture	Industry	Services
■ 2002	3.8	3.1	-0.4	4.4	5
□ 2003	4.4	5.9	5.5	2.3	5.6

Source: National Statistical Coordination Board

ang GNP ay GDP na idinadagdag ang mga remitans ng mga overseas Filipino workers (OFWs) at iba pang kita na tinatawag na net factor income from abroad (NFIA).

Kung bubusisiin pa, nanatiling tirik at bumagal pa nga sa 2.3% ang paglago sa industriya samantalang nanatiling nangunguna ang sektor ng serbisyo sa nagdadala ng paglago sa ekonomya. Kapansin-pansin ang pagbangon ng sektor ng agrikultura mula sa negatibong tantos nito (-0.4% noong Oktubre 2002) na halos pumantay (5.5% nitong Oktubre 2003) sa tantos ng paglago ng serbisyo. Ang dramatikong paglago sa sektor ng agrikultura ay nawawalan ng kabuluhan dahil sa patuloy na pagliit ng bahagi ng agrikultura sa pambansang kita ng bansa. Halos 16.2% na lamang ng Gross Domestic Product (GDP) ang nagmumula sa agrikultura, 33.2% naman sa industriya habang halos kalahati o 43% ng GDP ay pinupunan ng mga pang-ekonomyang aktibidad sa serbisyo.

Pero kahit pa ang kagulatgulat na paglago sa agrikultura ay hindi naman talaga nagpapakita ng pag-inam ng kalagayan nito. Mula sa bagsak na produksyon noong nakaraang taon, tumaas ng 20.4% ang produksyon ng palay dahil pa sa mainam na klima noong nakaraang taon. Gayunman, patuloy ang mabagal na paglago sa iba pang pangunahing pananim ng bansa. Ang kawalan ng tunay na suporta mula sa pamahalaan bukod pa sa patakarang liberalisasyon ay lalo lamang nagpatindi ng atrasadong katangian

ng agrikultura. Lalo pang bumagsak ang produksyon ng mais at tubo habang mabagal ang pag-usad ng produksyon sa niyugan, saging at maging sa bakahan at manukan (livestock and poultry).

Chart 7
Production Growth of Agriculture Subsectors, 3rd Quarter



	Corn	Coconut and Copra	Sugarcane	Banana	Other Crops	Livestock	Poultry
2002	-0.056	0.104	-0.435	0.052	-0.028	0.046	0.085
2003	-0.054	0.018	-0.193	0	0.014	0.033	0.026

Source: National Statistical Coordination Board

Bumagsak ang paglago ng industriya dahil sa pagtirik ng pagmamanupaktura na itinuturing na gulugod at bumubuo ng 71% ng sektor na ito. Dahil sa malubhang pagsandig sa imported na sangkap at oryentasyong pang-eksport, apektado nang husto ang lokal na pagmamanupaktura ng krisis sa pandaigdigang pamilihan. Bukod dito, hindi na rin makaagapay ang lokal na pagmamanupaktura sa napakataas na gastos sa produksyon at paluging pakikipagkumpitensya sa mga imported na produktong bumabaha sa lokal na pamilihan. Patunay dito ang pagliit ng bolyum ng produksyon sa pagmamanupaktura ng 4% at bolyum ng benta ng 2% nitong 2003. Makikita rin ang matamlay na produksyon sa pagmamanupaktura sa capacity utilization (paglulubos ng kakayahan) ng mga empresa. Ayon sa NSO, 58% ng mga empresa ay nag-oopereyt ng mababa sa 80% antas ng kapasidad nito at halos 17% lamang ng mga empresa ang tumatakbo sa full capacity nito. (Tingnan ang **chart 8**)

Ang ilusyon ng paglago sa ekonomya ay pangunahing iniluluwal ng mga aktibitis sa sektor ng serbisyo. Binubuo ito ng kalakalan, pagbabangko at pinansya, transportasyon at komunikasyon at mga serbisyong personal at

Chart 8
Distribution of Manufacturing Firms, By Capacity Utilization, As of Sep 2003
Source: National Statistics Office



pangkomunidad. Patuloy ang lumalaking bahagi ng nilikhang pangangailangan sa cellphone at text messaging na ibayo pang lumawak ng 11.6%. Noong Setyembre 2003, tinatayang aabot na sa 19.6 milyon ang subscriber base ng Globe at Smart.

Bagamat sa pangkalahatan ay bumaba ang pumasok na tuwirang pamumuhunang dayuhan sa bansa, mabilis na lumalaki ang bahaging napupunta sa service sector. Karamihan dito ay nasa information and communication technology (ICT) kabilang na ang mga call centers at business process outsourcing (BPO) na nagsasamantala sa murang pasahod sa mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas.

Samantala, nananatiling salbabida ng ekonomya ang remitans ng mga migranteng manggagawa. Malaki ang kontribusyon sa GNP ng mga padalang dolyar ng mga OFWs. Mula sa negatibong 6.2% na paglago noong 2002, lumaki ng 28.4% ($6.4 bilyon) ang net factor income from abroad (NFIA) nitong Oktubre 2003. (Tingnan ang **chart 9**)

Ampaw at mapanlinlang ang sinasabing paglago sa ekonomya ng bansa. Pangunahin itong nagmula sa dayuhang pamumuhunan at remitans mula sa labas ng bansa. Samantala, patuloy na bumabagsak ang agrikultura at pagmamanupaktura na dapat sana'y pangunahing magtutulak sa tunay na pag-unlad ng ekonomya ng bansa.



4 Bakit hindi pinaniniwalaan ang ipinagyayabang na economic growth ng gubyernong Arroyo?

Ang tutuo'y kahit na nga siguro ang mga tagapagtanggol ng gubyernong Arroyo ay hindi rin ganap na makapaniwala sa mga positibong datos sa paglago ng ekonomya. Hindi iilan ang nasorpresa dito lalo pa nga't hindi lihim na tanging dayuhang pautang at ayuda na lamang ang bumubuhay sa bangkaroteng gubyernong Arroyo.

Lalo pang tumindi ang pagkabangkarote ng gubyernong Arroyo noong 2003. Matatandaang naganap sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon ang pinakamalalang krisis sa badyet ng gubyerno sa kasaysayan ng bansa. (TIngnan ang **chart 10**)

Nitong Oktubre 2003, ang badyet ng gubyerno ay umabot na sa P164 bilyon at tinatayang aabot pa ito ng lagpas sa target na P202 bilyon sa pagtatapos ng taon. Pero ayon mismo sa IMF, baka umabot pa ito sa P263



bilyon sa pagtatapos ng 2003. Hindi malayong mangyari ito dahil sa malawakan at sistematikong pangungurakot sa kabang-yaman ng gubyerno ng mga tiwaling upisyal sa gubyernong Arroyo. Kaliwa't kanan din ang mga di-programadong paggasta tulad ng panunuhol ng dagdag na sweldo sa mga pulis at militar sa gitna ng bulungbulungan ng kudeta laban kay Arroyo. Nagsimula na rin ang paggamit ng pondo ng gubyerno sa pagpapabango sa mga botante habang papalapit ang eleksyon tulad ng P5,000 cash gift sa mga kawani ng gubyerno noong Disyembre.

Subalit higit sa paggasta, ang kawalan ng kita ng gubyerno ang pangunahing dahilan ng depisito sa badyet. Kahit pa dumarami ang mga buwis na pinapasan ng karaniwang mamamayan patuloy namang pinaliliit at inaalis ang mga taripa at buwis sa mga dayuhang produkto at pamumuhunan bilang pagtalima sa mga patakarang idinidikta ng mga institusyong multilateral tulad ng WTO, IMF at World Bank. Papaliit ang bahaging nagmumula sa taripa at bayad sa adwana (duties) sa kabuuang kita ng gubyerno. (tingnan ang **chart 11**) Ibayo pang nawawalan ng potensyal na kita ang gubyerno dahil sa patakaran nitong bigyan ng mga tax holiday incentives ang mga dayuhang mamumuhunan upang maakit itong magnegosyo sa bansa.



Depisito pa rin ang kalakalang panlabas tulad nang nagaganap taun-taon. Nagpapatuloy at lalo pang nag-iibayo ang kolonyal na kalakalan at ang labis na pagsandig ng ekonomya sa US at Japan. Mula 2001 hanggang 2003, lumago lamang ang eksport ng bansa ng 8% habang 14% ang inilaki ng import na ang resulta'y mahigit 36% na pagtaas sa depisito sa kalakalan. Nangangahulugan ito ng ibayong pagkasaid sa dolyar para tustusan hindi lamang ang depisito sa badyet ng gubyerno kundi mas pa ang matakaw-sa-dolyar na produksyong umaasa sa imported na sangkap.



Kakatwa subalit ang solusyon ng gubyerno sa depisito sa badyet ay pangungutang na sa bandang huli ay lalo pang magpapalaki ng depisito at ibayong lulugmok sa bangkaroteng ekonomya. Lubog sa utang ang gubyerno na ang tutuo'y mamamayan ang nagbabayad. Noong Setyembre 2003, aabot na sa $56.3 bilyon ang kabuuang utang panlabas ng bansa. Lumalabas na sa loob ng tatlong taong panunungkulan, mahigit S1 bilyon ang inuutang nito taun-taon.



Subalit sa kabila nito, wala pang balak na huminto ang gubyerno sa pangungutang. Nitong mga nakaraang taon, bumaling naman ang gubyernong Arroyo sa isa pang tipo ng pangungutang na tinatawag na official development assistance (ODA) upang tustusan ang mga programa at proyekto nito. Mula 2002-2003, isinagawa ng gubyerno ang 22 ODA projects na nagkakahalaga ng $1.4 bilyon. Karamihan sa mga proyektong ito ay nagpapanggap na development projects subalit ang tutuo'y bahagi ng programa sa kontra-insureksyon habang ang iba nama'y tabing lamang sa mga negosyo ng mga korporasyong transnasyunal. Ang mga ODA ay mula sa Asian Development Bank (ADB), World Bank (WB) at mga gubyerno ng US at Japan. Sabihin pa, karamihan sa mga korporasyong kalahok sa mga ODA projects ay mula sa US at Japan.

Ang problema sa depisito sa badyet ng gubyerno ay malinaw na resulta ng mga patakaran sa globalisasyon na hindi lamang nagwawasak ng ekonomya ng bansa kundi sumasaid din sa potensyal na kita ng gubyerno. Subalit sa kabila nito, buong katapatan pa ring ipinatutupad ng gubyernong Arroyo ang patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon sa ekonomya ayon sa dikta ng imperyalismong US. Kahit pa nabigo ang adyenda ng imperyalismo sa huling ministerial meeting WTO sa Mexico, buong katapatang pumaloob ang gubyernong Arroyo sa bilateral free trade agreements sa US at Japan kapalit ng patuloy na suporta, ayuda at pautang.

Todo larga ang pagpapatupad ng gubyerno ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon sa kabila ng napakatinding epekto nito sa kabuhayan ng mamamayan at sa buong ekonomya. Walang maisagot ang gubyerno sa paniningil ng bayan sa sinasabi nitong pag-ige ng ekonomya sa pagpapatupad ng mga patakarang ito. Ano nga namang buti ang naidulot ng deregulasyon gayong kitang-kita ito sa maya't mayang pagtaas ng produktong petrolyo nang walang kaabug-abog? Ang pangakong mahusay na serbisyo at mas murang singil sa pribatisasyon ng tubig ay pangakong inilista sa tubig. Tuloy-tuloy na pasakit ang ibinibigay sa mga mamamayan ng mga patakarang ito ng gubyernong Arroyo. Sa kabilang banda, patuloy sa pagkamal ng tubo ang mga dayuhang korporasyon at mga lokal na malalaking burgesya na siyang tanging nakikinabang sa mga patakarang ito.





5 Bakit patuloy ang paglala ng krisis pang-ekonomya ng bansa?

Ibayo pang lumulubha ang pamalagiang krisis dahil hindi nalulutas ang pundamental na depekto ng ekonomya ng bansa. Hanggang ang ekonomya ay patuloy na dominado at kontrolado ng imperyalismong US kasosyo ang mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador, patuloy at lalo pang titindi ng krisis ng lipunan. Hindi kailanman makakaahon ang ekonomya ng bansa hangga't naghahari ang mga ito sa lipunan. Sa katunayan, ang sistemang pang-ekonomyang umiiral ngayon ay pagtatagpo ng interes ng mga dominante at naghaharing uri.

Pinipigilan ng sabwatan ng panginoong maylupa at kumprador burges na maganap ang tunay na repormang agraryo upang manatiling agraryo at atrasado ang ekonomya. Walang magaganap na industriyalisasyon habang nakapangyayari ang mga burgesya-kumprador na ang pangunahing pinagtutubuan ay ang kalakarang eksport-import ng ekonomya. Sa gayon, pipigilan ng mga malalaking kumprador ang programa ng industriyalisasyon upang hindi magkaroon ng mga batayang industriya at manatiling nakatuon sa pag-ieksport ang lokal na produksyon at umaasa sa imported na produkto at kagamitan ang lokal na ekonomya.

Pangunahing interes ng imperyalismong US na gawing malawak na pamilihan ang Pilipinas ng mga sobrang produkto habang mayamang bukal naman ito sa kabilang banda ng kanilang pangangailangan sa hilaw na materyales at murang paggawa. Kinakasabwat ng monopolyo kapitalistang US ang mga lokal na malalaking burgesya kumprador upang magtayo ng mga empresa at korporasyong transnasyunal na sa pangunahi'y nakikinabang sa mayamang rekurso ng bansa sa hilaw na materyales at ieksport ito ayon sa kanilang pangangailangan. Mga burgesya kumprador din ang pangunahing instrumento nito upang ipasok sa bansa ang mga sobrang produkto ng mga dayuhang monopolyo. Mahigpit na kasosyo naman nila sa ganitong kaayusan ang mga panginoong maylupa na komokontrol sa malalawak na lupain at nagtatakda ng pyudal na katangian ng produksyon para sa mga hilaw na materyales.

Ang sabwatan ng dayuhang monopolyo kapital, ng namamayaning burgesya kumprador at ang pyudal na kapangyarihan ng mga panginoong maylupa ang nagluwal sa malapyudal na katangian ng ekonomya ng bansa. Limpak-limpak na tubo ang napipiga ng mga ito mula sa mataas na upa sa lupa sa mga magsasaka at murang pasahod sa mga manggagawa at manggagawang bukid.

Tinitiyak ng mga naghaharing uri ang patuloy na pag-iral ng ganitong kalakarang pang-ekonomya sa pamamagitan ng pagkontrol at paglalagay ng mga ahente at kinatawan sa mga mapagpasyang institusyong panlipunan tulad ng gubyerno, militar at mga institusyong pangkultura gayasng edukasyon, masmidya at simbahan. Ginagamit ng imperyalismong US ang kolonyal na kalakalan, pamumuhunan at imperyalistang pagpapautang upang patuloy na madomina ang ekonomya ng bansa.

Nitong mga huling dekada, lalong naging agresibo ang imperyalismong US sa pagpiga ng tubo sa malapyudal na ekonomya ng bansa. Hinagupit ng napakatinding pagbagsak sa tubo ang mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng US dahil sa matinding krisis ng sobrang produksyon. Sa pag-unlad ng teknolohiya sa produksyon, lalo pang tumindi ang krisis sa sobrang produksyon na nagpakitid sa mga pamilihan. Higit na naging marahas ang imperyalistang kompetisyon sa pag-aagawan ng mga pamilihan at balon ng mga importanteng rekurso sa produksyon tulad ng langis at mga hilaw na materyales.

Itinulak ng mga imperyalistang bansa ang pagsasakatuparan ng globalisasyon na ang ibig sabihin ay pwersahang integrasyon ng mga ekonomya sa daigdig upang ipailalim ito sa kontrol ng mga korporasyong transnasyonal. Ginamit ng imperyalismo ang mga kontroladong institusyong multilateral tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB) at World Trade Organization upang pwersahin ang mga bansa na ibayo pang buksan ang kanilang mga ekonomya sa dayuhang produkto at kapital. Sa pamamagitan ng mga papet na gubyerno ng imperyalismo, ipinatupad nila ang globalisasyon na nakapakete sa mga patakaran at programa ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon. Sa gayo'y muli nilang napaghatian ang mga pamilihan at naibsan pansamantala ang krisis sa sobrang produksyon.

Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang winasak ng globalisasyon. Pinalala pa ng husto ng globalisasyon ang mga pundamental na depekto ng ekonomya ng bansa. Mismong si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pangunahing tagapagtaguyod ng mga patakaran ng globalisasyon hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa mga pagpupulong ng mga bansa. Kinumpleto ni Arroyo ang pagsasakatuparan ng mga globalistang patakaran na kanyang sinimulan noong siya ay senador pa lamang. Ibayo pa nito niliberalisa ang agrikultura ng bansa at hinayaang pumasok ang mga imported na produkto at dayuhang kapital habang isinapribado ang batayang serbisyo sa produksyong agrikultural at inalis ang mga suporta ng gubyerno sa maliliit na magsasaka tulad ng subsidyo, pautang at insentibo. Nilumpo din ng globalisasyon ang maliit na sektor ng pagmamanupaktura sa bansa at maramihan ang mga nalugi at nagsarang empresa dahil sa di-makayang kompetisyon at kawalan ng kapital at proteksyon mula sa gubyerno. Lalo pang bumulusok ang kabuhayan ng mga manggagawa at magsasaka na higit pang piniga sa pagnanais ng imperyalismo at ng mga lokal na kasabwat nito na ibayo pang magpalaki ng tubo.

Sa kabila ng matinding pagkawasak ng mga ekonomya ng mga maliit na bansa at matinding paghihikahos ng mayorya sa mamamayan ng daigdig, hindi rin naampat ng globalisasyon ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Bagkus lalo pa nga itong tumitindi na nagtutulak para gumamit ng pwersang militar ang mga imperyalistang bansa upang matiyak ang kanilang dominasyon sa daigdig. Ginagamit ng US ang histerya ng terorismo upang maitago ang militaristang pamamaraan nito upang maghari sa buong daigdig at manaig sa imperyalistang kompetisyon.

6 Ano ang naging epekto ng matinding krisis pang-ekonomya sa lipunan?

Kailangang makibaka upang mabuhay. Lalo itong naging tutuo sa mga manggagawa at magsasaka at maging sa mga panggitnang sektor ng lipunan dahil sa pagbulusok ng kabuhayan at pagbabalewala ng gubyerno sa kagalingan ng mamamayan. Namumulat at bumabangon ang mamamayan upang igiit ang karapatan at ipagtanggol ang kanilang kabuhayan.

Sa kabila ng matinding panunupil, patuloy ang militanteng paglaban ng mga manggagawa upang ipaglaban ang kanilang sahod, trabaho at karapatan. Lalong naging mahirap ang pag-oorganisa laluna ang paglulunsad ng mga militanteng pagkilos dahil sa higit na agresibong panunupil ng mga kapitalista lalo pa't matindi ang kawalang trabaho at malinaw na pabor sa mga kapitalista at kontra-manggagawa ang gubyernong Arroyo. Gayunma'y makikitang patuloy na nagniningas sa mga manggagawa ang alab ng militanteng paglaban kahimat maraming balakid sa kanilang pakikipaglaban para sa karapatang mabuhay. Ayon sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB), mula Enero hanggang Nobyembre 2003, may naiulat na 38 welga na kinasasangkutan ng 8,851 manggagawa. Tampok sa mga welgang ito ang pagkilos ng mga manggagawa sa Shoemart at Nestle. Bukod dito, 564 na notice of strike (NOS) ang naiulat na pumasok sa NCMB. Ang malaking bilang ng NOS ay nagpapahiwatig na maraming unyon ang nagbabalak na maglunsad ng welga sa kanilang empresa. Patuloy na iginigiit ng militanteng kilusang manggagawa kasama ang iba pang maralita sa lunsod ang P125 dagdag sa sahod, pagkilala sa kanilang mga demokratikong karapatan at pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon upang malutas ang matinding disempleyo sa bansa.

Lalo ring tumindi ang pakikibaka ng mga magsasaka sa kanayunan kung saan higit na matindi at malalim ang pagdarahop. Sa harap ng malawakang pang-aagaw ng lupa at higit pang pagtindi ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal, pinangunahan ng mga militanteng organisasyon ng mga magbubukid ang mga kilos-protesta upang ipaglaban ang pagpapababa sa upa sa lupa o sa hatian sa ani at sa ilang kaso ay ang kolektibong pag-okupa sa mga lupang tiwangwang upang pagyamanin at

bungkalin ng mga magsasakang walang lupa at kabuhayan. Patuloy na nilabanan ng mga magbubukid at mangingisda ang mga di-pantay na patakarang pumapabor sa mga dayuhan at panginoong maylupa.

Maging ang mga panggitnang saray ng lipunan na tinatamaan na rin ng krisis pangkabuhayan ay natututo at humahalaw ng inspirasyon sa pakikibaka ng mga manggagawa at magbubukid. Patunay dito ang lumalakas at lumawak na pagkilos at pakikibaka ng mga legal na demokratikong organisasyon ng iba't ibang sektor ng lipunan. Umaani ito ng suporta at pagtataguyod hindi lamang ng mamamayang Pilipino kundi maging ng mga progresibong organisasyon ng mamamayan sa ibayong dagat. Patunay sa suporta ng mamamayan ang malawak na pagtataguyod nito sa mga progresibong kandidato at party-list organizations na binuo ng mga progresibong organisasyon.

Labis na ikinababahala ng imperyalismong US at ng mga lokal na kasabwat nitong naghaharing uri ang muling pagsigla ng kilusan ng mamamayan. Sa sulsol ng US, marahas na sinusupil ng papet na gubyernong Arroyo ang mga lehitimong pagkilos ng mamamayan.

Duguan ang kamay ng rehimeng Arroyo sa malawakan nitong paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan. Ayon sa Karapatan, higit na matindi at madalas ang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng gubyernong Arroyo kumpara sa mga nagdaang papet na rehimen sa Pilipinas. Tinatayang dalawang kaso ng paglabag sa karapatang pantao ang nagaganap araw-araw sa panahon ng panunungkulan ng gubyernong Arroyo.

Subalit ang pananakot at pandarahas sa mamamayan ay lalo lamang nagpaalab sa pakikibaka ng mamamayan. Ang ganitong pagtugon ng gubyerno sa hinaing ng mamamayan ay lalo pang nagtulak sa lumalaking bahagi ng mamamayan na mag-armas upang ipagtanggol ang sarili. Kahit na ang gubyerno ay hindi mapasubalian ang paglawak ng mga rebolusyonaryong grupo at baseng masa na sumusuporta sa armadong pakikibaka ng NPA at MILF. Patunay din dito ang papadalas na mga opensibang taktikal ng mga armadong grupo at ang paglapad ng mga larangang nasasaklaw ng mga ito. Ito marahil ang dahilan kung bakit tinatagurian man nilang "terorista" ay napipilitang ipagpatuloy ng gubyerno ang usapang pangkapayapaan sa mga rebolusyonaryong grupo.

Ang paglakas ng demokratikong kilusan ng mamamayan sa isang banda at ang pagsigabo ng armadong pakikibaka ng NPA at MILF sa kabilang banda, ay kapwa humahamon sa kaayusang pinangangasiwaan ng naghaharing uri. Subalit ang naghaharing uri ay hiwa-hiwalay at batbat din ng tunggaliang paksyunal. Umabot na ang krisis pampulitika ng bansa sa sitwasyong hindi na makapamuno sa lipunan ang naghaharing uri sa dating paraan. Sinasabing ang kasalukuyang kalagayan ng mga naghaharing uri ay halos katulad ng kalagayang pampulitika bago nagdeklara ng batas militar ang diktador na si Marcos.

7 Bakit higit na nagiging marahas ang paksyunal na tunggalian ng mga naghaharing uri?

Hindi na umuubra ang dating kalakaran ng “mapayapang paghahalinhinan” ng mga paksyon ng naghaharing uri sa pagtangan sa estado-poder dahil sa pagtindi ng krisis sa lipunang Pilipino. Habang lumalaon, lumiliit ang nakukuhang pakinabang at mas nagiging marahas ang pag-aagawan sa pandarambong ng iba’t ibang paksyon ng naghaharing uri.

Tagapagitna sa tunggalian ng mga paksyon ng naghaharing uri ang pagkuha sa basbas ng imperyalismong US. Batid ng iba’t ibang paksyong ito ang mapagpasyang papel ng US sa pagluluklok sa kapangyarihang pampulitika sa malakolonyal na estado ng bansa. Hangad ng bawat paksyon na maging pangunahing kasosyo ng US sa paghahari at sa proseso ay makinabang kapwa sa negosyo at pangungurakot sa kabang-yaman ng gubyerno.

Ang tatlong taong panunungkulan ni Arroyo bilang kapalit sa pinatalsik ng mamamayan na gubyerno ni Estrada ay nakainog sa pagkuha ng suporta ng US. Buong katapatang isinagawa ni Arroyo ang mga patakaran sa globalisasyon at ipinagtanggol ito sa harap ng mga batikos at protesta ng taumbayan. Walang kahihiyan nitong sinuportahan ang gerang agresyon ng US sa mga bansang diumano’y pugad ng terorismo tulad ng Afghanistan at Iraq gayong halata namang pagkontrol sa mayamang rekurso sa langis at pamamayani sa daigdig ang talagang pakay ng US. Iniaalay pa nga ng

gubyernong Arroyo ang Pilipinas bilang lunsaran ng gerang agresyon ng US at hinayaan itong magtayo ng mga base militar sa pamamagitan ng Mutual Logistics and Support Agreement (MLSA).

Binuhusan ng suportang pinansyal at ayudang militar ng US ang gubyernong Arroyo hindi lamang bilang gantimpala sa pagiging matapat na papet at "alyado sa demokrasya" kundi higit pa upang armasan ito sa pagsupil sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas tulad ng New People's Army (NPA) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) at maging sa mga legal na progresibong kilusan na nagsusulong ng anti-imperyalista at anti-pyudal na pakikibaka. Matatandaang niregaluhan ng administrasyong Bush ang gubyernong Arroyo ng $4.6 bilyong ayuda na pinakamalaking halagang ayuda ng US mula nang matanggal ang base militar sa bansa noong 1991.

Subalit higit pa sa ayudang militar at pinansyal, pinakamahalaga sa gubyernong Arroyo ang suportang pulitikal ng US sa kanyang administrasyon. Malaganap ang diskontento ng mamamayan at patuloy na bumabagsak ang popularidad ng gubyernong Arroyo dahil sa mga kontra-mamamayang patakaran nito at ang lantarang katiwalian sa gubyerno na mas masahol pa sa pinatalsik na gubyernong Estrada. Sa harap ng patuloy na pagkakahiwalay sa mamamayan, lalo pang pinagbuti ng gubyernong Arroyo ang pangangayupapa sa US upang matiyak ang patuloy nitong pagtangkilik sa kanyang administrasyon.

Dahil sa nakikitang pagsuporta ng US, sinimulang wasakin ng gubyernong Arroyo ang mga nakikita nitong balakid sa pananatili sa kapangyarihan. Malayo pa man ang eleksyon ay nagmamaniobra na ang paksyong Arroyo upang pahinain ang mga posible nitong makatunggali sa eleksyon. Subalit lalo lamang nitong pinaypayan ang tunggaliang paksyonal ng mga naghaharing uri. Sa proseso ng pagbabangayan ng mga nagtutunggaling paksyon, lalo pang nalantad sa taumbayan ang tindi ng pangungurakot at katiwalian ng iba't ibang paksyon na ibayong nagpalaho sa tiwala ng mamamayan sa kasalukuyang sistema.

Sinasamantala ng mga karibal na paksyon ni Arroyo ang matinding pagkamuhi dito ng mamamayan. Sumasakay ito sa galit ng taumbayan at nagpiprisentang alternatibo sa bulok at mas korap na gubyernong Arroyo. Noong 2003, niyanig ang gubyernong Arroyo ng mga banta ng kudeta na

humantong pa nga sa aktwal na aksyong militar tulad ng pag-aalsa ng mga sundalo sa Oakwood at ang take-over sa control tower ng pambansang paliparan. Napigilan lamang ito sa mabilis na pakikialam ng US upang hindi tumungo sa mas mataas na na antas ang labanang paksyunal ng naghaharing uri.

Gayunman, patuloy pang titindi ang labanang paksyunal ng mga naghaharing uri lalo pa't may nakatakdang eleksyon. Ang kahihinatnan ng eleksyon sa Mayo ay magiging mapagpasya kung ibayo pang lalala ang mga tunggaliang ito.

8 Ano ang kabuluhan ng eleksyon sa Mayo?

Tulad din ng mga nakaraang halalan, ang eleksyon sa Mayo ay nagkukumpirma sa reaksyunaryo at elitistang katangian ng mga eleksyon sa Pilipinas. Kitang-kita ito sa oportunismo at kawalang-prinsipyo ng mga pulitiko na nagpapalipatlipat ng mga grupo kung saan sila makatitiyak ng panalo. Kahit na anong pagpapanggap, ang hanayan ng mga kandidato ay itinatakda mas pa ng kanilang mga personal na interes at kung saan mas malaki ang posibilidad na manalo.

Mahalagang okasyon ang eleksyon para sa mga naghaharing uri. Sa nakaraan, ito ang kanilang paraan upang pansamantalang lutasin ang pag-aagawan sa kapangyarihang pampulitika na humahantong sa mga tunggaliang paksyunal. Ang mga eleksyon ang instrumento para sa mapayapang paghahalinhinan ng magkakatunggaling paksyon ng naghaharing uri upang pangasiwaan ang sistemang panlipunan na parepareho nilang ipinagtatanggol, pinagsisilbihan at pinakikinabangan.

Ganito pa rin ang katotohanan sa kasalukuyang eleksyon. Sa kasaysayan ng bansa, naglipana ang mga partido pulitikal na sumusulpot na parang kabute o kaya'y nagbabago ang hugis at laman tuwing magkakaroon ng eleksyon. Madali itong gawin dahil wala namang pinag-iiba ang mga ito. Karamihan sa mga ito ay kumakatawan sa iisang interes lamang — ang interes ng imperyalismo at naghaharing uri. Pero sa dinami-dami ng mga ito, maikakategorya lamang ito sa dalawang kampo: ang paksyong nasa

kapangyarihan at sa kabilang banda'y ang "oposisyon" o kalabang paksyon na nagnanais na pumalit dito.

Ang kasalukuyang labanang paksyunal ng mga ito ay nasasalamin sa pagtutunggali ng paksyon ng naghaharing uri na kasalukuyang nasa poder na kinakatawan ng pangkating Arroyo at ipinaketeng K4 (Koalisyon ng Karanasan at Katapatan para sa Kinabukasan). Katambal ni Arroyo ang popular na brodkaster/senador na kilalang alipures ng mga Lopez, isa sa pinakamaimpluwensyang burgesya kumprador sa bansa.

Sa kabilang banda ay nagbuklod naman ang sinasabing oposisyon sa kandidatura ng kilalang artistang si Fernando Poe Jr. katambal ang isa pang popular na senador at dating brodkaster na si Loren Legarda. Sinusuhayan ang kanilang kandidatura ng KNP (Koalisyon ng Nagkakaisang Pilipino) na sa esensya ay pagbubuklod ng mga paksyon ng naghaharing uri na wala sa poder at yaong pinatalsik sa poder sa kaso ng pangkating Estrada.

Subalit lagpas sa tunggaling paksyunal, iniluluwal ng pagtindi ng krisis pampulitika sa bansa ang oportunismo at makitid na personal na interes ng mga paksyon. Kaya sa tadyang ng paksyong nasa poder at maging sa oposisyon nito ay lumitaw din ang iba pang paksyon na nagsarili at nagnanais na magsulong ng kanilang mga pansariling interes. Ito ang dahilan sa paglitaw ng mga grupong tulad ng kina Raul Roco, Panfilo Lacson at Eddie Villanueva na nag-aambisyon ding makapwesto.

Maging ang kandidato ng mga paksyong ito para sa senador at iba pang posisyon sa pamahalaan ay kinatatangian ng oportunismo sa paglipatlipat ng mga ito sa mga grupo batay sa konsiderasyong personal kaysa paninindigang pampultika. Ang tutuo'y walang pinag-iiba ang mga "koalisyon" ng kandidato sa eleksyon. Ni wala itong pinaninindigang plataporma sa gubyerno maliban sa makitid na ambisyong pulitikal na makapwesto sa poder. Mas matimbang ang konsiderasyon sa popularidad kaysa sa paninindigan sa mga isyu kaya kadalasan magkakasama man sa iisang koalisyon magkakaiba pa rin ang mga posisyon sa mga usapin. Kaya nga sa eleksyong darating, magkakasama ang dating magkakakaaway at nagtutunggali ang mga dating magkakaalyado. Patunay lamang sa kabulukan ng sistemang pampulitika sa bansa na sa tutuo'y walang matinong pagpili sa mga kandidato dahil wala namang mapagpipilian.

Nagbabadya ang malawakang dayaan at karahasan sa darating na eleksyon. Ngayon pa lang, nagsimula na ang mga paninira, kutsabahan at mga maniobra ng mga paksyon upang tiyakin ang kanilang panalo. Desperado ang gubyernong Arroyo na makapanatili sa poder kaya sinisikap nitong ligawan ang iba't ibang karibal na paksyon para sa suporta. Ang maimpluwensyang paksyon ni Danding Cojuangco ay nanahimik matapos na magkaroon ng pansamantalang paghinto sa pagresolba ng isyu ng coco levy na dinambong ni Cojuangco sa mga magsasaka. Bigla ring "lumambot" ang rehimeng Arroyo sa kaso ni Estrada at pumayag pa nga itong makalabas ng bansa ang napatalsik na pangulo. Ginagamit ng rehimeng Arroyo ang lahat ng impluwensya at rekurso ng gubyerno upang makabig ang pinakamaraming suporta mula sa hanay ng mga naghaharing uri dahil batid nitong hindi na ito makakaani ng pagtangkilik mula sa mamamayan.

Lubhang nahihiwalay ang gubyernong Arroyo sa mamamayan. Sa mata ng publiko, si Pangulong Macapagal-Arroyo ay walang isang salita hindi lang dahil sa pagbawi nito sa naunang deklarasyong hindi na tatakbo. Pero higit pa rito, disgustado ang mamamayan sa pangkalahatang pamamahala ng rehimen na nagluwal ng napakatinding kahirapan at kaapihan ng mamamayan. Lantaran nitong tinalikuran ang masang nagluklok sa kanya sa poder at masahol pang korap sa gubyernong Erap.

Hindi iilan ang nagsasabing, wala na itong pag-asang manalo pa sa eleksyon maliban na lamang sa pamamagitan ng malawakang pandaraya, terorismo at pagbili sa boto gamit ang pondo ng gubyerno. Kung sakali mang sa pamamagitan nito ay makapanatili sa poder ang paksyon ni Arroyo, tiyak ding sasapitin nito ang dinanas ng gubyerno ni Estrada na pinatalsik sa poder ng pag-aalsa ng taumbayan.

Hindi ito lingid sa iba pang paksyon ng naghaharing uri na may pansarili ding interes na humalili sa poder. Ngayon pa lang, nang-uupat na ito ng dambuhalang protesta ng mamamayan at posibleng maglunsad ng interbensyong militar kapag hindi naging paborable sa kanilang paksyon ang resulta ng eleksyon.

Gayunman, alam ng lahat ng nagtutunggaling paksyon na mapagpasya ang papel ng US sa darating na eleksyon. Ang babasbasan na paksyon ng imperyalismong US ang mamamayani sa labanang ito. Kaya

naman, higit pa sa pagkuha ng boto ng mamamayan, mas importante na makuha ang boto ng imperyalismong US.

Maaga pa nga pero agad nang mapapansing hindi lumalagpas sa mga isyu ng pangungurakot, katiwalian at personal na rekord ang mga usaping pinatatampok sa pagbabangayan ng magkakalabang paksyon. Sa pangkalahatan ay puro magagarbong salita subalit walang kahulugan at tila bantulot na magbigay ng paninindigan ang mga pangunahing kandidado sa mga mahahalagang usapin ng mamamayan tulad ng globalisasyon, panghihimasok ng imperyalismong US sa bansa, rerpomang agraryo at kahit na sa mga pang-araw-araw na isyung tulad ng pagtaas ng sahod, PPA at iba pa na sasaling sa interes ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador.

Kaya nga kahit na pa maluklok ang ibang paksyon sa poder, wala ring garantiyang may saligan itong kaibahan sa papet na gubyernong Arroyo. Dapat tandaang ang mga koalisyon at hanayan ng mga pulitikong ito ay iba't ibang paksyon lamang ng naghaharing uri sa bansa na ang pinapanatili ay ang malakolonyal at malapyudal na kaayusang panlipunan. Ang mga ito'y itinataguyod ng pondo at rekursong nagmumula sa mga uring nakikinabang sa kasalukuyang kalakaran.

Limitado man ang mapagpipilian sa burges na eleksyon subalit malaki ang oportunidad ng mamamayan na isulong ang kanilang interes. Pinakamahalagang itulak ang mga pulitiko na magpahayag ng kanilang paninindigan at programa sa mga isyung pambayan. Kailangang mailantad ang mga rekord ng mga kandidato sa mga isyu ng mamamayan. Mainam na pagkakataon ang kampanya sa eleksyon para ilantad at ipaliwanag sa malawak na mamamayan ang mga isyung pambayan, ang ugat ngkanilang kahirapan at kaapihan. Magiging buhay na halimbawa ang mga kaganapan ng kasalukuyang pampulitika sa kahungkagan ng eleksyon na magtuturo sa mamamayan na sumandig sa sariling lakas at pagkakaisa ng mamamayan tulad ng karanasan natin sa Edsa. Ang mga protesta at pagkilos ng mamamayan laban sa mga kontra-mamamayan at makadayuhang patakaran ng gubyernong Arroyo ay magtutulak sa mga pulitiko na pomosisyon sa mga usapin at magtatampok sa mga usapin ng mamamayan sa pambansang kamalayan sa panahon ng kampanya.

Sa ganito, mainam ang pagpapatuloy ng pag-oorganisa, pagmumulat at pagpapakilos sa mga mamamayan tungo sa unti-unting pag-iipon ng lakas upang makanaig ang interes ng mamamayan. Dapat samantalahin ang mga oportunidad sa eleksyong ito upang patuloy na palakasin ang kilusan at pakikibaka ng mamamayan. Bahagi ng pagpapalakas at pagpapalawak ay ang pagtataguyod ng mga progresibong kandidato at partido na may mahusay na rekord na pakikipagtulungan at pakikiisa sa pakikibaka ng mamamayan. Bahagi din sa pagpapalakas ng kilusan ng mamamayan ang pagbubuo ng mga partidong pulitikal para lumahok sa party-list election tulad ng pagkakabuo at pagwawagi ng Bayan Muna na naging matapat na katuwang ng mga organisasyong masa sa pagsusulong sa interes ng mamamayan sa loob at labas ng kongreso.

May eleksyon man o wala, dapat na maging tuloy-tuloy ang pag-abot at pagpapakilos sa malawak na bilang ng mamamayan hanggang sa makapag-ipon tayo ng lakas na iluklok ang tunay na gubyerno ng mamamayan at ibasura sa kangkungan ng kasaysayan ang mga papet, pasista at korap na gubyernong katulad ng kay Gloria Arroyo. ■